Energy Coordinating Agency / 1924 Arch Street, Philadelphia, PA 19103 / 215-988-0929
www.ecasavesenergy.org

Ibig ng ECA na ang lahat ay makapag-ipon ng pera at makatipid ng enerhiya sa buong taon. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa
ECA: 215/988-0929 ext 238.

Magtipid ng Enerhiya, Makapag-Ipon at Makatulong sa Kalikasan

1. **Magkabit ng Setback Thermostat.** Sa bawat antas (grado) na ibababa mo sa temperatura ay makakatipid ka ng 3% ng inyong heating bill. Halimbawa, kung babababan mo ang iyong thermostat setting mula 72 hanggang 68 sa umaga, makakatipid ka ng 12% sa inyong heating bill.

   Halos ganun din ang matitipid sa aircon sa tag-init (summer) kapag itinaas mo naman ang temperatura.

2. **Kumpunihin at Iselyo ang mga Tagas sa Bintana.** Gumamit ng pantapal, rope caulk at storm windows para ‘di makapasok ang malamig na hangin. Higpitan ang mga kandado ng bintana. **Kumpunihin ang mga sirang bintana.** Palitan ang mga basag ng salamin. I-glaze (pakintabin) ang mga salamin sa bintana kung kinakailangan.

3. **Selyuhan ang mga Siwang sa Palagid ng Pinto.** Gumamit ng V-seal, caulk, door sweeps at iba pang weather-stripping para sa mahigpit na pagkakaselyo ng pintuan.

4. **Selyuhan ang mga Siwang, Bitak at Butas sa inyong Silong** (basement) gamit ang expanding foam o mga insulasyon na nakapaloob sa mga plastic bags.

5. **Kumpunihin ang mga Tagas sa inyong Attic.** Kasama na rito ang attic hatch o hagdan patungong attic.

6. **Dagdagan ang Insulasyon sa inyong Attic.** Kung mayroon kang R-11 o mas mababa pa rito, dagdagan ang insulasyon hanggang R-38. Siguraduhing naka-air seal bago simulan ang insulasyon.

7. **Bumili ng Energy Star Appliances** kapag nagpapalit ng refrigerator, heater, aircon, dishwasher, at iba pa.

8. **Magkabit ng mga radiator reflectors at pasingawin ang radiator** para maalis ang hanging nakakulong dito, o kung mayroon kang “forced air system”, **palitan kaagad ang furnace filter bago mag-taglamig (winter).**

9. **Selyuhan ang mga sumisingaw ng mastic.** Ang duct tape ay para sa mga karton/pakete—hindi para sa siwang.

10. **Babaan ang inyong water heater sa 100 degrees at magkabit ng insulating jacket at pipe wrap sa unang limang piye (5 feet) ng tubo papunta sa water heater.**

11. **Gumamit ng mga Compact Flourescent Lamps (CFLS)** sa halip na bumbilya lamang at makapagtipid ng 75% ng inyong konsumo sa kuryente. Ang CFLS ay tumatagal ng humigit kumulang 8 taon.

12. **Pahiran ang inyong Bubong ng puting Acrylic, Elastomeric Roof Coating** upang mabawasan ang inyong air conditioning bill ng 22%. Ang coating na ito ay maaaring gamitin sa inyong rolled roofing, modified bitumen (rubber roofing), metal and iba pang seamed roofing material.

Ang Pagtitipid sa Enerhiya ang pinaka-mahusay na puhunan na maaari mong gawin.

Mga magagandang websites: www.ase.org, www.ecasavesenergy.org, www.energystar.gov